



IMINUNGKAHING PROGRAMA PARA SA PAMANTAYAN NG MGA KINAKAILANGAN SA KAPALIGIRAN



Photo: Andrei Stanescu

Nagtatrabaho ang Kagawaran ng Pagpapalano para sa pamantayan at pagbutihin ang mga kinakailangan sa pagbawas ng karaniwang mga epekto sa kapaligiran ng mga proyekto sa pag-unlad. Ang pagsisikap na ito ay naglalayong makapagbigay ng higit pang kapanatilihan, pinahusay na katapatan, at pare-parehong proteksyon sa kapaligiran ng buong sambayanan – kasama ang mga proyekto na kasalukuyang hindi saklaw ng Estado. Ipagpapatuloy ang mga pagkakataon para sa publikong partisipasyon at pagbibigay ng pagsamo.

Kinakailangan ng *California Environmental Quality Act (CEQA)* na tukuyin ng Lungsod ang mga maaaring maging masamang dulot sa kapaligiran ng mga iminungkahing proyekto, at sa ilang pagkakataon, magpataw ng mga nagpapaibsang hakbang upang matugunan ang mga epektong ito. Sa pamamagitan ng proseso ng CEQA, ang mga nagpapaibsang hakbang na ito ay pinaiirial base sa bawat proyekto sa kabila ng pagpataw ng halos kaparehong pangangailangan ng “boilerplate”.

Ang programa ng *Standard Environmental Requirements (SER)* ay magpapatay ng karaniwang panukala para sa lahat ng mga proyekto sa pamamagitan ng umiiral na pahintulot sa proseso sa pagsusuri. Itong mga hakbang na ito ay magiging tangi sa iba't-ibang uri ng proyekto at ibabase sa kasalukuyang agham at pinakamahusay na kasanayan sa pagpoprotekta ng kapaligiran. Makakamit nito ang kapareho, o higit pang antas sa pagpoprotekta ng kapaligiran sa pamamagitan ng pare-pareho, tapat, at mas kaunting burukratikong pananaw.

Ang programa ng SER ay kasama ang batas na magtatatag ng balangkas para sa Komisyon sa Pagpapalano upang maitaguyod ang mga partikular na pangangailangan, na ia-apdeyt sa paglipas ng panahon at

isasaayos base sa asignatura sa kapaligiran (hal. kalidad ng hangin, mga mapagkukunan ng arkeolohiko, atbp.).

Sa praktikal na kadahilanan, magiging sanhi ang programang ito ng maraming proyekto na kasalukuyang sinusuri gamit ang Mitigated Negative Declaration (MND) na sa halip ay susuriin na lamang gamit ang dokumento ng pagbubukod. Habang pinaiirial ng MND ang mga nagpapaibsang hakbang para mabawasan ang mga epekto ng isang proyekto sa kapaligiran, ang SER ay hihingi ng mga kaparehong hakbang na ito sa pamamagitan ng umiiral nang Kodigo at ang nagpapahintulot na proseso. Maaari makabawas ito ng tatlong beses paitaas ng tatlong buwan ang oras ng pagsusuri sa bawat proyekto.

Mga Benepisyo ng Programa

- **Kaisahan:** Ang SERs ay magtataguyod ng malawak na lupon ng karunungan na nagmula sa mga hakbang na nagpapabuti sa kapaligiran na napatunayang mabisa sa paglipas ng panahon. Hindi katulad ng kasalukuyang panandaliang proseso, ang SERs ay mailalapat ang angkop na mga proyekto base sa gamit, laki, lugar, at ayos ng kapaligiran.

- **Isinakatwirang pagsusuri:** Ang malawakang gawaing papel na kaugnay ng kondisyones ng partikular na proyekto ay hindi kailangan at sobrang paguubos ng oras sa kadahilangang halos letra por letra ang pagkakapareho ng mga kondisyones sa bawat proyekto. Malaki ang maidudulot na tipid-oras ng SERs sa bawat humigit-kumulang na 10 proyekto na sinusuri bawat taon sa pamamagitan ng MND.
- **Mas Malawak na Pag-abot:** Ang SERs ay gagamitin tuloy-tuloy sa buong Lungsod, kasama na ang mga mas malalaking proyekto sa ministeryo na kamakailan lang ay hindi isinali ng Estado sa proseso ng CEQA. Sa pamamagitan nito, magtatatag ng mga makabagong panukala sa proteksyon sa kapaligiran na kung saan walang kasalukuyang umiiral.
- **Katapatan:** Ang SERs ay magagamit pampubliko ng mga debeloper, tagapagtaguyod, at kapwa-tao ng mas maaaga sa anumang aplikasyon na isinusumite, sa gayon mababawasan ang kawalan ng katiyakan at magkakaroon ng malinaw na aasahan ang pangkalahatan.
- **Patuloy na proteksyon:** Ang programa ay pangunahing pamamaraan. Ang mga nagpapaibsang hakbang na kasalukuyang nakapataw sa pamamagitan ng proseso ng CEQA ay pananatilihin at paghuhusayin, at sa halip ay ipapataw sa pamamagitan ng proseso ng pahintulot. Ang kasalukuyang nakapataw na mga proteksyon sa kapaligiran ay magpapatuloy – at sa ibang mga kaso ay palalawakin.
- **Pakikilahok ng publiko:** Ang mga pampublikong pagdinig sa Komisyon sa Pagpapalano ay kinakailangang magtaguyod at magsagawa ng karaniwang apdeyt sa SERs. Bukod pa rito, ang abilidad ng kahit sinong miyembro ng publiko na umapela ng espesipikong proyekto sa pagpapasya ng CEQA diretso sa Lupon ng mga Superbisor ay hindi magbabago, gayon din ang kasalukuyang proseso ng pag-apela sa Lupon ng mga Apela. Tulad nito, pananatilihin ang mga umiiral nang daan para sa pakikilahok ng publiko sa Komisyon sa Pagpapalano sa pamamagitan ng proyektong-espesipiko na Diskresyonyong Pagsusuri, Kondisyonal na Paggamit, at iba pang mga karapatang aplikasyon.

Mga Madalas na Katanungan

1. Lilimitahan ba ng programa ang pagsusuri ng CEQA at/o babawasan ang mga proteksyon sa kapaligiran sa San Francisco?

Hindi. Ang programang Standard Environmental Requirements (SER) ay isang lokal na ordinansa at hindi nito maaaring palitan ang mga pangangailangan na iniatas na CEQA (*California Environmental Quality Act*) ng estado. Ang lahat ng mga proyekto ay patuloy pa ring susuriin para sa mga maaaring maging epekto nito sa kapaligiran.

Ang paglalagay sa pamantayan ng mga nagpapaibsang hakbang at pagtatag sa mga ito bilang iniatas na mga pangangailangan sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri sa pag-unlad, mas kaunting proyekto ang mangangailangan ng indibidwal na mga nagpapaibsang hakbang. Dahil dito, mas kaunting mga *Mitigated Negative Declarations (MND)* ang kakailanganin. Sa madaling salita, ang proseso sa pagsusuri ng kapaligiran ay hindi magbabago, ngunit ang pangmalawakang pangangailangan na naaangkop sa mga proyektong dumaraan sa proseso ay magbabago.

Ang programa ay kakailanganin ng pareho o higit pang antas ng pagpoprotekta sa kapaligiran. Ipatatupad ng SERs ang mga karaniwang ginagamit na nagpapaibsang hakbang – o mas mahigpit pa – na matutugunan ang mga epekto sa kapaligiran. Dagdag pa dito, ang SERs ay magagamit sa mas malawak na mga proyekto maliban sa kasalukuyang sakop lamang ng CEQA (hal. mga malalaking proyektong pabahay ng ministeryal*)

2. Anong mga paksa sa kapaligiran ang tutugunan ng programang ito?

Tutugunan ang kalidad ng hangin, transportasyon, arkeolohiya, ingay, pagtaginting dulot ng konstruksyon, at paleontolohiya. Maaaring isali ang iba pang mga paksa sa susunod na mga taon, ngunit pagkatapos lamang ng pampublikong pagdinig sa Komisyon sa Pagpapalano.

3. Anong mga proyekto ang mapapasailalim sa Standard Environmental Requirements?

Saklaw ng bawat *standard requirement* ang pamantayan sa paggamit na tumutukoy kung kailan pwedeng gamitin ang istandard. Ang pamantayan ay pwedeng kasama

ang uri ng proyekto (hal. gamit, laki) at/o lugar (hal. sa loob ng *Air Pollutant Exposure Zone*). Ang mga *standard requirement* ay naaayon sa lahat ng pangkat ng proyekto na nararapat sa pamantayan.

4. Ang programa ba ay paiikliin ang oras na gugugulin ng proseso sa pagsusuri ng kapaligiran?

Oo. Ang paghahanda ng MND ay karaniwang umaabot sa 12 na buwan, habang ang mga dokumento ng pagbubukod naman ay karaniwang umaabot sa 9 na buwan. Ang programa ay maailipat ang mga maraming proyektong sinusuri sa ilalim ng MND sa ilalim ng pagsusuri ng dokumento ng pagbubukod, sa gayon, makakatipid ng oras habang tinitiyak ang kaparehong (o mas mabuting) kahihinatnan ng kapaligiran.

5. Paano posibleng gumana ang pangmalawakang pananaw para sa isang Lungsod na kasing kumplikado ng San Francisco?

Tanging limitadong bilang lamang ng mga proyekto ang inaaasahang sasailalim sa karagdagan pang pagsusuri sa kapaligiran matapos na ipatupad ang SERs. Kahit na ibinabatay sa pamantayan ng programa ang mga pangangailangan at ginagawang pangmalawakan ang pagpapatupad nito, patuloy pa ring susuriin ng may mas masusing pagsisiyasat partikular ang mga hindi pangkaraniwang proyekto base sa bawat kaso. Kung ang isang proyekto ay napagkaalaman na may hayag na epekto sa kapaligiran na partikular sa proyekto o partikular sa lugar sa kabila ng pagpapatupad ng SERs, ihahanda pa rin ang MND (kasama ang mga nagpapaibsang hakbang). Katulad nito, kung ang isang proyekto ay natuklasan na may hayag at hindi maiwasang epekto sa kabila ng pagpapatupad ng SERs, ihahanda pa rin ang *Environmental Impact Report* ("EIR").

6. Paano ang mga ministeryal at hindi diskresyonaryong proyekto*?

Walang diskresyonaryong kapangyarihan ang Lungsod sa mga proyekto sa ministeryo. Dahil dito, hindi saklaw ng pagsasaliksik ng CEQA ang mga proyektong ito. Base sa kasaysayan, hindi pangkaraniwan ang mga proyektong tulad nito sa San Francisco, subalit binaligtad ng kamakailang pagbabago sa batas ng Estado ang pamamaraan na ito, partikular sa mga katamtaman at malalaking proyektong pabahay na nagbibigay ng apordabilidad sa kinaroroonan. Ang SERs ay magtatatag ng ganap na mga makabagong proteksyon sa kapaligiran

para sa mga proyektong ito dahil ipapaptupad ang mga ito bilang bahagi ng malawak at sistematikong pangangailangan sa halip na "isahan lang" na pagsusuri.

7. Magdadagdag ba ang programang ito ng bagong burukratiko at lalaki ang gastos sa pag-ulad?

Sa pangkalahatan, hindi. Ang SERs ay magpapairal ng naalinsunod at tapat na mga pangangailangan ng proyekto. Ang mga pangangailangan ito ay kahanay sa pangkalahatang hakbang na ginagawa sa panahon ngayon, ngunit sa ilang kaso ay ipagpapabisa ang mas mahigpit pang pamamalakad. Dahil dito, habang hindi pangkaraniwang tataas ang mga pangangailangan, ang proseso naman ay hindi magpapatuloy. Katulad nito, dahil sa mas malaking prediktabilidad at pinaikling oras ng pagsusuri, inaasahan na banayad na bababa ang gastos sa pag-ulad.

8. Paano ko susuriin ang mga pamantayan sa pangangailangan para sa partikular na paksa?

Sa sandaling meron nang indibidwal sa pagsusuri ng Standard Environmental Requirements, ilalagay ang mga ito sa website. Kung nais mong mapagbigay-alam, mangyaring tawagan ang mga kawani sa numerong 415-575-9010 o mag-email kay Veronica Flores sa veronica.flores@sfgov.org, at magpapadala kami ng email sa iyo kapag meron na. Karaniwang nangyayari ito ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo bago sumailalim ulit sa pampublikong pagdinig ang programa.

9. Ano ang mali sa pamamaraan ng mga bagay-bagay ngayon?

Sa kasalukuyan, ang sistema ng panandaliang nagpapaibsang mga hakbang ay pabagu-bago, masinsinang mapagkukunan, at hindi nagtagumpay sa pagpoprotekta laban sa mga epekto sa kapaligiran mula sa kabuuang lawak ng mga proyekto. Ang SERs ay magtatakda ng bago at komprehensibong iniatas na batayan na pangangailangan para sa mga proyekto, pangangalaga sa mga mapagkukunan, at magdudulot ito ng kapareho o higit pang mga proteksyon sa kapaligiran kumpara sa mga ipinapatupad na. Magagamit ang mga ito sa pampubliko ng mga debeloper, tagapagtaguyod, at kapwa-tao ng mas maaaga sa anumang aplikasyon na isinusumite, sa gayon mababawasan ang kawalan ng katiyakan at magkakaroon ng malinaw na aasahan ang pangkalahatan.

* Ang "ministeryal" o "hindi diskresyonaryong" proyekto ay dapat natutugunan lamang ang mga pamantayan sa layunin at hindi ito sakop ng anumang paghatol o pagpapasiya ng Lungsod. Ang uri ng proyektong ito ay karaniwang pinairal sa pamamagitan ng batas Estado.

10. Magbabago ba ang apela o pamamaraan ng pag-abiso ng Lungsod?

Hindi. Ang programa ay hindi babaguhin ang apela ng CEQA o ang mga pamamaraan ng pag-abiso sa publiko. Ang abilidad ng kahit sinong miyembro ng publiko na umapela ng espesipikong proyekto sa pagpapasya ng CEQA direktso sa Lupon ng mga Superbisor ay hindi magbabago, gayon din ang mga proyektong sunusuri bilang mga bukod na dokumento sa ilalim ng SERs sa halip na MNDs. Katulad nito, mga proceso sa apela sa Konseho ng Apela ay walang pagbabago. Sa karagdagan, pananatilihin ang mga umiiral nang daan para sa pakikilahok ng publiko sa Komisyon sa Pagpapalano sa pamamagitan ng proyektong-espesipiko na Diskresyonaryong Pagsusuri, Kondisyonal na Paggamit, at iba pang mga karapatang aplikasyon.

11. May katulad ba ang programang ito sa iba pang mga lungsod?

Oo. Kabilang sa iba pang mga nasasakupan, pinatupad rin ng Lungsod ng Oakland ang mga panukalang nagpoprotekta sa kapaligiran bilang bahagi ng kanilang katipunang "Mga Karaniwang Kondisyon sa Pag-apruba". Sakop ang napakalawak na mga paksa, itinaguyod ng

Oakland ang kanilang programa noong 2008 at iapdeyt nila ang mga kondisyon ng pag-apruba sa umpisa ng taong ito.

12. Paano ako makikilahok?

Nagsagawa ng pampublikong pagdinig ang Komisyon sa Pagpapalano noong Enero 16, 2020 at isinaayos ng Departamento ang isang teknikal na pantas-aral noong Pebrero 12, 2020. Noong Abril 15, ang Komisyon sa Makasaysayang Pangangalaga ay nagsagawa ng karagdagang pampublikong pagdinig. Sa Hulyo, ang programa ay muling susuriin sa mga pampublikong pagdinig sa Makasaysayang Pangangalaga at Komisyon sa Pagpapalano. Inaasahan naming magkakaroon ng mga pagdinig sa Lupon ng Mga Superbisor ukol sa pagtataguyod nito sa katapusan ng tag-init 2020. Tulad ng kahit anong proyekto, ang Departamento ay malugod na tinatanggap ang mga komento ng publiko anumang oras. Sa panahon ng Lokal na Emerhensya at Mga Kaayusan sa Ligtas na Pananatili sa Tinitirhang Lugar, mangyari na mag-email ng kahit anumang komento o katanungan sa isa sa mga kawani ng Lupon sa pamamagitan ng pagtawag sa 415-575-9010 o pag-email kay Veronica Flores sa veronica.flores@sfgov.org.

This document has been drafted by Planning Department staff to provide a background summary of the prominent features of the Standard Environmental Requirements Program. It is not a comprehensive guide to the agreement, nor does it provide any analysis or policy recommendation. For more complete materials related to this project, please visit sfplanning.org/project/ser.

中文詢問請電: (415) 575-9010 Para información en Español llamar al: (415) 575-9010 Para sa impormasyon sa Tagalog tumawag sa: (415) 575-9010